# Ang Tinapay Ng Buhay



## Lingguhang Pagkain

Issue 15



**"Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukalang inihahanda ko para sa ikakabuti ninyo, at para dulutan kayo ng pag-asa sa hinaharap." Jeremias 29:11**

## Upang Maging Tagapagmana, Maging Mabuting Panauhin

**"Mapalad ang mga mapagkumbaba, sapagkat tatamuhin nila ang ipinangako ng Dios."Mateo 5:5**

*Uumpisahan natin sa kuwentong ito:* May isang mapagbigay na ginoo na ang pusoý puno ng pag-ibig at habag, ang nag-anyaya sa isang panauhin na manirahan sa malaki niyang bahay. Ibinigay niya sa taong ito ang lahat ng bagay na kinakailangan upang mabuhay; pagkain, inumin, kasuotan, silid na matutulugan, at binigyan din ng karapatang gumamit sa lahat ng mga bagay at kagamitan na nasa loob ng tahanan., Sa madaling salita, nagbigay siya ng lubus-lubos sa panauhing ito. Nang lumaon, sa kalayaan at pagkakataon na mayroon ang panauhin sa tahanang iyon, siya ay nag-asal na parang katulad na rin may-ari o tagapagmana ng lahat ng kayamanan. Siya ay tinuruan ng mga bagay na dapat gawin at tamang-asal, gayunpaman ay inabuso niya ang biyayang ipinagkaloob sa kanya. Nag-umpisa siyang lumabag sa mga alituntunin at inabuso din ang kaniyang kasunduan sa may-ari ng bahay. Ang masasamang Gawain katulad ng pakikiapid at pangangalunya ay ginawa niya ng palihim. Pinalitan niya ng kahibangan sa alak at pagkagumon sa ipinagbabawal na gamut ang kanyang matinong kaisipan. Ang tahanang iyon ay pinuno niya ng karumihan, winasak ito ng kaniyang pagsuwau, at sinira niya ang gawing banal na pamumuhay. Nang lumalaon ay nalaman ng may-ari ng bahay ang ginawa ng panauhin kaya't gumawa siya ng mga hakbang:

1. **"Kaya, pinalayas sa halamanan ng Eden ang tao upang magbungkal ng lupang kanyang pinagmulan." (Genesis 3:23)**
2. **"Pinalayas nga siya ng Dios, at sa dakong silangan ng halamanan ng Eden ay naglagay siya ng bantay na kerubin." (Genesis 3:24)**

Nilinis ng may-ari ang kanyang tahanan sa lahat ng karumihan. Pinalayas niya ang kanyang panauhin at isinarado ang pintuan ng kanyang tahanan upang hindi na muling makapasok. Nagtalaga din siya ng mga bantay at nagtala ng mga alituntunin na dapat sundin sa pagtanggap ng mga tao sa kanyang kagandahang loob at malayang pagtanggap, ay nag-udyok sa kanya na gumawa ng mga alituntunin sa pagpili ng bawat panauhin na papasok sa kanyang bahay.

Ang kalagayang nabanggit ay katulad sa nangyari sa halamanan ng Eden. Linikha ng Dios si Adan at Eba ayon sa sarili Niyang wangis at binigyan Niya sila ng kapangyarihan sa lahat ng Kanyang linikha. Ang Kanyang pagpapala ay hindi ipinagdamot sa kanila bagkus ay binigyan sila ng kalayaang magdesisyon at mamahala sa lahat ng Kanyang nilalang. **"At sila'y pinagpala. Wika niya, "Magpakarami kayo at punuin ng inyong**

**mga supling ang buong daigdig, at pamahalaan ito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda, sa mga ibon at sa lahat ng maiilap na hayop, maging malalaki o maliliit." (Genesis 1:28)** At bilang Pinuno at May-ari ibinigay din ng Dios ang kaniyang alituntunin. **Sinabi Niya sa tao "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakanin ang bungang iyon; mamamatay ka kapag kumain ka niyon." (Genesis 2:16-17)**

Ngunit sinuway nga nina Adan at Eba ang Dios at kumain sila ng bunga ng punongkahoy na nasa gitna ng halamanan, ang kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Nang hinarap sila ng Dios, hindi nila ikinumpisal ang kanilang kasalanan bagkus itinuro ni Adan ang kanyang kasalanan kay Eba. **"Kasi pinakain po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin" tugon ng lalaki (Genesis 3:12)** Gayundin naman ang babae, hindi niya tinanggap ang kanyang kasalanan bagkus itinuro niya ito sa ahas. **"Mangyari po'y nilinlang ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain" tugon naman ng babae. (Genesis 3:13b)**

Ang katanungan ng maraming tao ay maaring ganito: Bakit nilalang ng Dios ang tao na may kalayaan mamili at hinayaang magkasala sa pagpili ng maling pamamaraan? Nilalang ng Dios ang tao ayon sa Kanyang sariling wangis at binigyan ng kalayaang pumili. Ang plano ng Dios ay makasama Niya ang tao sa Kanyang kaharian. Ngunit bago mapahintulutan ang tao na manirahan sa piling ng Dios, kinakailangang ang tao ay gumawa ng tamang desisyon ayon sa kanyang sariling kalooban at hindi dahil napipilitan lamang. Ninanais ng Dios na ang Kanyang layunin ang masunod, ngunit sa tao pa rin ang huling desisyon. Ipinakita Niya ang tamang daan ngunit ang huling desisyon ay sa kamay ng tao pa rin.

Noong kinain nina Adan at Eba ang bunga, hindi lamang nila sinuway ang Dios kundi hinangad din nilang maging katulad Niya, at mahari sa May-ari ng bahay na nag-imbita lamang sa kanila upang manirahan. Kaya't pinalayas sila ng Dios sa Halamanan ng Eden; ang mga matitigas ang ulo, mayayabang at suwail, **"upang bungkalin ang lupa kung saan sila nanggaling."** *Kailangan nilang magpakumbaba bago sila maaaring manirahan sa tahanan ng Panginoon."*

Bago tayo makakasakay sa isang mabangis na kabayo, kinakailangan munang patahimikin at paamuhin ito upang maturuan sa tamang landas na ninanais natin. Kinakailangang ang tao ay maghirap at maggugol ng sapat na panahon sa pagtatrabaho sa lupa na puno ng dawag at tinik upang maging mapagpakumbaba at manumbalik sa Dios. Sa gayon ay tatanggapin siya ng Dios at maging tagapagmana muli sa Kanyang tahanan. Ang taong dumaan sa pagsasanay ay may mababang-loob at tunay na katangi-tanging maging tagapagmana ng bagong lupa at bagong lungsod sa Panginoon Dios:

1. Ang may mababang-loob ay masunurin: Sila ay sumusunod sa kanilang amo.
2. Ang may mababang-loob ay mapagpakumbaba: Hindi nila alintana kahit mabigyan man sila ng mababang katungkulan.
3. Ang may mababang-loob ay may pagpipigil sa sarili: Hindi sila nauudyukan ng galit kahit hamakin.
4. Ang may mababang-loob ay hindi mayabang: Hindi nila hangad ang matataas na katungkulan bagkus inaari ang iba na mas magaling kaysa sa kanilang sarili.
5. Ang may mababang-loob ay hindi lumalaban: Sila' masisipag ngunit hindi ipagsasabi o ipinagmamalaki ang kanilang nagagawa.
6. Ang may mababang-loob ay tahimik na gumagawa: Sila'y masisipag ngunit hindi ipinagsasabi o ipinagmamalaki ang kanilang nagagawa.
7. Ang may mababang-loob ay hindi mahihina: Sila'y malalakas ngunit ginagamit lamang ang kanilang kalakasan ayon sa kalooban ng Diyos.

Upang matamo ang pamantayang ito ay mahirap. Ngunit ginawa ng Panginoon Dios na madali para sa atin. Isinugo ng Dios ang Kanyang Anak na si Hesus upang sundin ang Kanyang kalooban, at nag-iwan ng halimbawa sa atin. **"*Ikaw ang aking anak na aking mahal at lubos kong kunalulugdan.*"** Sinasabi ng Dios na si Hesus na lamang ang ulirang halimbawa ng kapakumbabaan. Kinuha ni Hesus an gating mga kasalanan, namatay Siya sa krus at binigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan. Ang kurs ng Panginoong Hesus ang nagbigay ng ganap na halimbawa sa pagiging mapagpakumbaba. *"Kaya nga magpakumbaba kayo tulad ni Kristo Hesus. Na bagamat Siya'y Diyos, hindi napilit na manatiling kapantay ng Dios, bagkus hinubad Niya ang lahat ng katangian ng pagka-Dios, nakatawang tao at namuhay bilang isang alipin. Nang maging tao, Siya' nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus."* Hindi tatanggapin ng Dios ang taong hindi napapakumbaba upang manirahan sa Kanyang tahanan dahil sa isang iglap maaring siya'y magiging suwail, rebelde, lalaban, papatay o magwawasak.

*Mahal naming kapatid:* Ang mapagpakumbaba ay madaling magpahayag o magkumpisal ng kanyang kasalanan. Alam niya at kaniyang sasabihin ang kaniyang kasalanan, siya ay magsisisi at taos-pusong hihingi ng tawad sa Dios. Ang mapagpakumbaba ay natuturuan, tumatanggap ng pagtuturo at pagtutuwid, buong loob sa paggawa para sa ikababago at upang mahubog ang kanilang sarili na maging karapat-dapat na tawaging anak ng Dios. Ito ay maaring mahirap para sa atin kaya't kailangan tayong manalangin. *"Matutulungan ba tayo ng Panginoon upang maging mapagpakumbaba at mahubog na maging katulad Niya?"* AMEN!